

# SARILING ATIN

## MGA BAHAGING PANANALITA

ISANG TALA-ARALIN PARA SA MAG-AARAL  
SA FORMANG CHARLOTTE MASON HOMESCHOOL

**YEN CABAG**

*Ang kauna-unahang aralin sa balarila ng Filipino  
ayon sa pilosopiya ni Charlotte Mason*

**SAMPLE**

**SAMPLE**

# **Sariling Atin**

*Mga Bahagi ng Pananaliksik*

*Isang Taong Aralin Para sa Mag-aaral sa  
Form 2 ng Charlotte Mason Homeschool  
(years 4 to 6)*

Yen Cabag

## Sariling Atin

Copyright © 2022 by Reinalyn Cabag

Available on [CharlotteMasonPhilippines.Com](http://CharlotteMasonPhilippines.Com)

We have chosen to include materials that are, to the best of our knowledge, in the public domain, and translations to Filipino were made by the author.

All rights reserved. No part of this book may be reproduced in any form without permission in writing from the publisher, except in the case of brief quotations in critical articles or reviews.

Permission to print a copy for personal use is granted with proof of payment presented.

Printed in the Philippines.

# Bakit Ko Po Naisulat ang Librong Ito

*Ang hindi marunong magmahal ng sariling wika  
Ay higit pa ang baho sa malansang isda.*

*(Ang kasabihang ito ay malimit na itinataguriang galing kay Dr. Jose Rizal. Kahit na hindi natin nasisiguro kung sino nga ang may akda ng mga linyang ito, mahalagang mapag-isipan natin ito upang mabigyang halaga ang ating sariling wika.)*

ANG MGA ITINURO NI CHARLOTTE MASON NA ISANG GURONG INGLES AY LUBHANG nagpayaman ng pag-aaral naming magpamilya. Hindi lang mga anak namin ang nakaranas ng “masustansyang” pagbabasa, pati kaming mag-asawa ay natulungan ding ipagpatuloy ang aming pag-aaral. Kaasam-asam ang mga librong binabasa sa *educational philosophy* na ito!

Nakikita rin namin kung paano ito nakakatulong sa maraming mga pamilya dito sa Pilipinas, dahil napapamulat ang mga bata sa mga magagandang kuwento, mapa kasaysayan man o kuwentong bayan.

Subalit, mayroong kaunting paghihirap, dahil karamihan—kung hindi halos lahat—ng mga babasahin ay nasa wikang Ingles. Laking pasasalamat namin na mayroon namang maraming mga akdang-bahay na gumagawa ng mga kuwentong Filipino, pero parang kulang pa din. Isa na rito ang mga materyales sa pagkatuto ng gramatika sa ating sariling wika. Kaya ito’y aking handog sa lahat ng mga Charlotte Mason homeschoolers, na sana’y makakatulong sa pagturo nito na alinsunod sa pagturo ni Charlotte Mason: gamit ang mga magagandang babasahin, na sana’y maging paraan upang matutunang mahalin ng ating mga anak ang ating wikang Filipino—ang Sariling Atin.



# Paano Gamitin ang Librong Ito

UNANG-UNA, KAILANGAN NATING MAINTINDIHAN KUNG PAANO ITINUTURO ANG balarila sa pilosopiya ni Charlotte Mason.

Sa kanyang mga isinulat, naipakita niyang mabilis lang makuha ng isang bata ang istraktura ng isang wika kapag lagi niya itong naririnig o nababasa. Ito ang dahilan kung bakit sa CM na pag-aaral, bago pa umabot ng anim na taong gulang ang bata ay sanay na sanay na ito sa pakikinig ng mga magagandang kuwento.

Ngunit, sa Pilipinas, karamihan sa mga kuwentong binabasa natin sa ating mga anak ay nasa wikang Ingles. Dumarami-rami na rin ang mga kuwentong nakasulat sa wikang Filipino. Gayunpaman, hindi lahat ng ito ay masasama sa tinatawag ni Bb Mason na “living book.” Ito ang tawag niya sa mga kuwentong naisusulat ng isang taong mahilig na mahilig at may malalim na kaalaman sa isang paksa. Sana naman ay mahanap natin ang mga talagang magandang pakinggang mga kuwentong nakasulat sa Filipino upang maibahagi natin ang mga ito sa ating mga anak.

Ang librong ito ay nababagay lamang sa mga batang nakakaintindi na ng Filipino at may ilang taon nang nakikinig at nagbabasa ng mga magagandang kuwentong Filipino. Kadalasan, pwede na itong gamitin sa batang nasa Grade 4 pataas; pero kapag hindi pa niya kayang maintindihan ang isang maikling kuwentong nakasulat sa Filipino, kailangang huwag munang piling kumabisado ng mga iba’t-ibang bahagi ng pananalita. Ayon kay Charlotte Mason, ang pagkatuto ng mga bahagi ng pananalita ay nakukuha lamang kapag sanay na ang bata sa tunog at istraktura ng isang wika.

Sang-ayon din sa itinuturo ni Charlotte Mason, ang librong ito ay isinulat na gamit ang mga magagandang kuwento. Marami dito ay totoong pangyayari sa buhay ng may-akda; ang iba nama’y mga isinalin sa Filipino galing sa mga “living books” na nakasulat sa Ingles. Hindi ibig sabihin nito na mas pinipili namin ang mga kuwentong Ingles. Ginawa lamang namin ito dahil ito ang mga nakumpirmang “living books” na maari nang gamitin sa iba’t ibang pagsusulat dahil tapos na ang kanilang “copyright.” Ang tawag dito ay “public domain.” Naghahanap pa tayo ng mga katulad nito sa ating sariling wika. Marahil ang



isang dahilan din ay ang ating kasaysayan, kung saan tayo ay nanatiling nasasakop ng mga Espanyol hanggang 1898, at matapos ay sinakop din tayo ng mga Amerikano, kung kaya't kakaunti lang ang mga naisulat sa Filipino na maituturing nating “living books.” Karamihan ay mga kasulatang hindi nababagay sa batang mambabasa.

Ang pangalawang dahilan ay, ang mga magagandang modernong kuwentong Filipino ay nirerekomenda na rin naming basahin sa pag-aaral ng Filipino sa iba't ibang baitang. Hindi na lang namin inilakip sa araling ito upang hindi paulit-ulit ang mga babasahin ninyo. Gayunpaman, inaanyayahan namin kayo na magpatuloy ng pagbasa ng mga magagandang kuwentong Filipino, dahil makakatulong ito sa pagiging magaling ninyo sa wikang Filipino.

Maaaring gamitin ang librong ito sa loob ng isang taon, na isang aralin bawat linggo. Maaari ring hatiin sa dalawang araw ang isang aralin at gawin ang isang aralin sa loob ng isang linggo. Sa ganitong paraan ay masasaklaw ang buong libro sa isang taon.

Maaari rin itong aralin sa loob ng panahon, kagaya ng summer break, ayon sa nais ng mga magulang. Maaari rin itong gamitin bilang pangdagdag o suplemento sa iba pang aralin sa balarila, lalo na kapag may gustong sundin na pagkakasunud-sunod ng pag-aaral kagaya ng nirerekomenda ng Department of Education.

Sana naman ay sa pamamagitan ng maliit na araling ito’y maparami din natin ang magagaling na manunulat sa Filipino—ang sariling atin.

# Mga Laman

Bakit Ko Po Naisulat ang Librong Ito	5
Paano Gamitin ang Librong Ito	7
<b>Unang Bahagi: Ang Wikang Filipino</b>	<b>11</b>
Aralin 1. Mga Iba't Ibang Wika sa Pilipinas	13
Aralin 2 Bakit Kailangang Matuto ng Filipino	15
Aralin 3 Filipino—ang Pambansang Wika	17
Aralin 4 Mga Awit-Bayan	19
Aralin 5 Mga Tula	23
<b>Pangalawang Bahagi: Mga Bahagi ng Pananalita</b>	<b>27</b>
Aralin 6 Ang Parirala at Pangungusap	29
Aralin 7 Pangngalan	33
Aralin 8 Pagsasanay: Hanapin ang Pangngalan	37
Aralin 9 Pangngalan: Pambalana o Pantangi?	39
Aralin 10 Mga Pantukoy: Si at Sina, Ang at Ang Mga	43
Aralin 11 Ang Pandiwa	49
Aralin 12 Pagsasanay: Pandiwa	55
Aralin 13 Ang Panghalip	57
Aralin 14 Pagsasanay: Panghalip	62
Aralin 15 Ang Pang-Uri	65
Aralin 16 Pagsasanay: Pang-Uri	71
Aralin 17 Ang Pang-Abay	73
Aralin 18 Pagsasanay: Hanapin ang Pang-Abay	79
Aralin 19 Ang Pang-Ukol	81
Aralin 20 Pagsasanay: Hanapin ang Pang-Ukol	85
Aralin 21 Ang Pangatnig	89

Aralin 22 Pagsasanay: Hanapin ang Pangatnig	95
Aralin 23 Ang Padamdam	99
Aralin 24 Pagsasanay: Magsulat ng May Salitang Padamdam	103
<b>Pangatlong Bahagi: Mga Nakaiiba sa Wikang Filipino</b>	<b>106</b>
Aralin 25 Ang Magalang na Filipino: Po at Opo	108
Aralin 26 Mga Bugtong	114
Aralin 27 Mga Pang-angkop: Pagdugtong ng mga salita	118
Aralin 28 Mga Idyoma sa Filipino	124
<b>Pang-Apat na Bahagi: Suriin Pang Mabuti</b>	<b>128</b>
Aralin 29 Ang Salitang-Ugat at Mga Panlapi	130
Aralin 30 Pandiwa: Ang Pangnagdaan	136
Aralin 31 Pandiwa: Ang Pangkasalukuyan	142
Aralin 32 Pandiwa: Ang Panghinaharap	148
Aralin 33 Pandiwa: Ang Pang-utos	154
Aralin 34 Pang-Uri: Pagkukumpara	160
Aralin 35 Balikan ang Pang-Abay	164
Aralin 36 Paggamit ng Din/Rin, Daw/Raw, Doon/Roon, Dito/Rito	168
Ano Na Ngayon?	172
Tungkol sa May-Akda	173
Other Resources For You	174

Unang Bahagi:  
**Ang Wikang Filipino**



# Aralin 1.

## **Mga Iba't Ibang Wika sa Pilipinas**

NOONG BATA PA AKO, MARAMI KAMING MGA KASAMBAHAY. SI GEMMA ANG pangalan ng yaya ko mula nang ako'y 3 taong gulang pa lamang hanggang sa tumungtong na ako ng *high school*. Maliban sa yaya ko, meron din kaming labandera at kusinera; sina Susan at Linda ang dalawang nagtagal talaga sa amin. Sa panahong iyon, tumatagal nang ilang taon ang mga kasambahay kaya parang kapamilya na namin sila, at karaniwan sa mga tahanan noon ay may isa, dalawa, o higit pang mga kasambahay.

Naalaala ko nang bata pa ako na halos naiiyak ako dahil hindi ko maintindihan ang sinasabi ng mga kasambahay namin. Nakatira kasi kami sa siyudad ng Iloilo, at ang mga kasambahay namin ay galing sa iisang lugar na malayo sa amin; magpinsan kasi ang yaya ko at ang kusinera namin, at mga kakilala din nila ang iba pang mga namamasukan sa mga magulang ko. Nalaman ko na ang wikang ginagamit nila ay tinatawag na *Kinaray-a*, at kahit na may mga salitang katulad sa ginagamit namin sa *Hiligaynon*, mas maraming salitang naiiba. Dahil dito, nahirapan akong maintindihan ang mga sinasabi nila. Isang beses, umiyak talaga ako sa Mama ko, at pinagsabihan niya silang lahat na gawin ang lahat at mag *Hiligaynon* kapag ako ang kausap.

Lumipas ang panahon at hindi ko akalaing matututunan ko ring intindihin ang salita ng mga kasambahay namin. Paano naman eh, halos gabi-gabi, pinagkukuwentuhan ako ng yaya ko ng mga ginagawa nila sa bukid: kung gaano kalayo ang nilalakad nila papuntang eskwelahan, kung anu-anong mga kasiyahan ang dinadaluhan nilang magkakapatid tuwing may *fiesta*, at kung anu-ano pa. Parang naging kuwentong pantulog ko ang mga ginagawa nila, at aliw na aliw ako sa simpleng buhay nila. Dahil doon ay minsang nangarap din akong manirahan sa bukid!

Ilang taon ang lumipas at pumasok na ako sa kolehiyo. Hindi ko naasahang ang magiging mga matalik kong kaibigan ay galing sa Antique, ang katabing probinsya ng Iloilo kung saan ang tanging salita ay *Kinaray-a*! Kahit na may pagkakaiba din ito sa dating naririnig ko sa mga kasambahay namin, sa edad kong 18 ay nahilig na akong mag-aral at matuto ng iba't ibang wika. Natutuwa akong dagdagan ang mga salitang *Kinaray-a* na alam ko, at nakikita ko ring may naitulong pala ang pagkatuto ko ng salitang iyon noong bata pa ako.

Nang magtrabaho na ako, ang unang napasukan ko ay isang bangko, kung saan ang *training* ay isinigawa sa Maynila, kung saan ang wika ay Filipino. Naging madali lang para sa akin dahil noong bata pa ako ay lagi kaming nasa Maynila kapag bumibisita sa bahay ng mga pinsan ko. Pero ang mga naging kasamahan ko sa bahay sa *training* ay mga taga-Cebu at Davao—at doon naman ako natutong magsalita ng *Bisaya*. Ang kasama kong taga Davao ay marunong ding mag *Hiligaynon*, at doon ko nalaman na marami palang lugar sa Pilipinas na gumagamit din ng inang wika ko.

## Pagsasanay

Kumuha ng mapa ng Pilipinas. Tingnan ang tatlong malaking bahagi nito: Luzon, Visayas, at Mindanao. Ituro kung saan kayo nakatira. Anong wika ang ginagamit sa bayan ninyo? Anu-anong mga wika ang alam mong ginagamit sa mga nakapaligid na bayan?

## Aralin 2

# Bakit Kailangang Matuto ng Filipino

NOONG KATATAPOS KO LANG MAG KOLEHIYO AY NAGING SINGAPORE International Foundation Student Fellow ako kasama ang 52 pang iba't-ibang estudyante galing sa iba't-ibang bansa sa Southeast Asia. Sa loob ng bilang na ito, 8 kami ang nagmula sa Pilipinas: si Chary na taga-Ilocos, ako na taga-Iloilo, si Duke na taga-Cebu, at iba pa na galing sa iba't ibang parte ng Maynila. Una kaming nagkita sa *orientation meeting* kasama ang mga magulang namin, at matapos ang ilang araw ay nagsama-sama na sa *airport* na kaming mga estudyante lamang.

Dumating kami sa Singapore sa buwan ng Hulyo. Unang araw pa lang ay *homesick* na ako. Paano naman eh, akala ko madali lang tumawag sa amin gamit ang *roaming* ng cellphone, pero sa panahong iyon, nagka problema ang *roaming* ko. Walang *signal!* Tapos, doon ko na nalamang iba pala ang itsura ng *electrical outlet* sa Singapore, at kailangan ko pa palang bumili ng *adaptor!* Eh, gabi na nung dumating kami sa *dorm* ng Hwebes na iyon, at sa Sabado pa raw kami pwedeng lumabas!

Pero, kung gaano naman akong na-*homesick* sa unang araw na iyon, ganun din ang kasiyahang naranasan ko sa mga sumunod na limang buwan. Naging



matalik kong kaibigan si Natalie, ang isang kasama kong taga-Maynila. Ang dami naming naisagawang *surprise birthday party* sa isa't isa. Doon din akong unang nakaranas ng *surprise birthday party* sa kaarawan ko, at biro mo, alam nilang maaga akong natutulog, kaya imbes na hating-gabi ang *party* ko, ginising nila ako at pinaghandaan na pala ng almusal na *surprise birthday party!*

At alam mo ba, tuwing lumalabas kami, lagi kaming may nakakasalubong na mga kapwa-Pilipino, karamihan ay mga OFWs doon, o meron ding mga nag-aaral sa kolehiyo. Paano namin nalalaman? Simple lang. Kapag nasa MRT kami at may nagkukuwentuhan sa wikang Filipino, alam namin agad na kababayan sila. Minsan, kinakausap namin sila, at minsan, sila ang kumakausap sa amin. May isang ka-*floor mate* ako sa dorm na galing Canada, pero Pilipino pala ang mga magulang niya; taga-Ilocos din. Naging magkaibigan din kami.

Sa limang buwan ko doon sa Singapore, puro Filipino ang narinig kong ginagamit na salita, at wala akong makausap sa wikang Hiligaynon. Pero naalaala ko nung pauwi na kami at may nakasalubong akong taga Iloilo din. Laking tuwa ko na sa wakas ay may nakausap ako sa aking wika; nakaka-*miss* pala!

Naging kagawian din naming mga magkababayan na magsalita sa sariling wika kapag may kailangan kaming sabihin na hindi dapat maintindihan ng ibang mga kasamahan sa *student fellowship*. Hindi naman kami naninira, pero minsan, may mga nakakatawa kaming naiisip na para lang sa aming walo; parang may sikretong wika, ano? Isang beses, nasa simbahan kami, at ang taga-anunsyo ay nagkukuwento ng isang sunog na nangyari sa bahay ng pari, kung saan nasunog din ang kanyang mga isinusulat na mga sermon niya. Malungkot ang balita. Ngunit, nang matapos ang pagkukuwento ay pinatayo na ang lahat para sa pagtatapos na awit, at ang kanta ay, "*It only takes a spark to get a fire going.*" Naku, napakahirap pigilan ang tawanan naming mga magkababayan, lalo na't nakikita naming walang ibang nakapansin ng *coincidence* na yun!

## Pagsasanay

Sa tingin mo, bakit kailangang matuto ng wikang Filipino ang mga Pilipino?

## Aralin 3

# Filipino—ang Pambansang Wika

NOONG BATA PA AKO, PUMUPUNTA KAMING MAGPAMILYA SA MAYNILA TUWING bakasyon. Laging laking tuwa naming magkakapatid, kasi doon, may mga nakababatang pinsan kami na matalik naming kaibigan. Doon kami unang beses nakaranas umorder ng pagkain na dini-*deliver* lang sa bahay. (Wala pa kasing *Food Panda* o *Grab Food* noon!) Nag-aagawan kami ng kuya ko kung sino ang susunod na tatawag sa *Pizza Hut* para magpa-deliver ng *pizza!* At doon lang din kami nakakatikim ng *McDonald's*, *Wendy's*, o *Burger King*, dahil wala pa yun sa amin noon. Kahit *National Bookstore* nga eh wala pa sa amin noong panahong iyon, kaya laging nagsha-*shopping spree* ako doon ng mga paborito kong babasahin, gaya ng *Sweet Valley Twins* at *Archie* comics.

Pero, kahit na natutuwa ako kapag pumupunta kami doon, may tanong ako sa mga magulang ko: Bakit ba kailangan kong matutunang magsalita ng Filipino para maintindihan ng mga pinsan ko? Bakit hindi pwedeng sila din ang matutong magsalita ng aming wika, *Hiligaynon*?

Ang sabi ng nanay ko noon, kailangan kong matutong magsalita ng Filipino dahil iyon ang wikang naiintindihan ng bawat Pilipino. Kung tutuusin, marami sa mga kaibigan kong Ilonggo at Bisaya ang nahihirapan magsalita ng Filipino! Pero

tama nga naman. Noong nasa Singapore ako, iyon lamang ang naging paraan na magkaintindihan kami ng mga kapwa Filipino (na hindi gamit ang Ingles). Laking tulong nga naman sa amin ang may iisang wikang naiintindihan ng lahat.

Ayon sa kasaysayan, Tagalog ang tawag sa wikang ito hanggang sa mga taong 1980s, kung kailan ginawang pambansang wika ang Filipino, na nagsimula sa wikang Tagalog. Siguro ay nahirapan din ang pamahalaan na pumili sa dami ng mga wikang ginagamit sa Pilipinas!

## Pagsasanay

Magsulat ng ilang mga salitang alam mo sa sariling wika at sa wikang Filipino. Kung Filipino na ang inyong unang wika, maaaring sulatin ang mga salitang ito sa Filipino at sa isa pang wikang alam mong ginagamit din sa ating bansa.

## Aralin 4

# Mga Awit-Bayan

KONTI LANG ANG NAAALALA KO SA AKING PAGPASOK SA ESWELA NOONG *preschool* pa lang ako. Isa doon ang paghagulhol ko nang malakas na malakas sa unang araw na iniwan na ako ng Mama ko sa silid-aralan. Hindi ako kayang patahimikin ng titser namin, at naalala kong dinala ako sa opisina ng prinsipal. Hindi ko na matandaan kung ano'ng nangyari doon, pero kuwento ng Mama ko, pagkatapos daw noon ay nakita na niya akong mag-isang naglakad pabalik ng silid-aralan, taas-noo at wala nang takot.

Ang isa pang magandang alaala ko sa panahong iyon ay ang titser namin sa *music*. May isang bahay-kubo sa eskwelahan kung saan kami dinadala kapag *music* class, at naalala kong tawang-tawa kami sa titser sa patakbo-takbo niyang paikot-ikot sa bahay kubo habang kumakanta kaming buong klase. Tandang-tanda ko pa na doon ko natutunan ang kantang “Lubi-Lubi” na kinakanta ang mga pangalan ng buwan sa isang taon, “Enero, Pebrero.” (Nakalimutan ko na kung bakit Lubi-Lubi ang tawag sa awit na iyon! Bakit kaya?)

At alam mo ba, andami kong alaala sa iba't ibang grade level ko na nakatali sa mga kinakanta naming magkklase. Narito ang ilan sa mga kantang iyon:

### ***Lubi-Lubi (Enero, Pebrero)***

Enero, Pebrero, Marso, Abril, Mayo  
Hunyo, Hulyo, Agosto  
Setyembre, Oktubre, Nobyembre Disyembre  
Lubi-Lubi

### ***Bahay Kubo***

Bahay kubo, kahit munti  
Ang halaman doon ay sari-sari  
Singkamas at talong  
Sigarilyas at mani  
Sitaw, bataw, patani

Kundol, patola  
Upo't kalabasa  
Atsaka mayro'n pa'ng  
Labanos, mustasa  
Sibuyas, kamatis  
Bawang at luya  
Sa paligid-ligid, ay puno ng linga

### ***Ang Pipit***

May pumukol sa pipit sa sanga ng isang kahoy  
At nahagip ng bato ang pakpak ng munting ibon  
Dahil sa sakit di na nakaya pang lumipad  
At ang nangyari ay nahulog ngunit parang taong bumigkas

Mamang kaylupit  
Ang puso mo'y di na nahabag  
'Pag pumanaw ang buhay ko  
May isang pipit na iiyak

### **Kumukuti-kutitap**

Kumukuti-kutitap  
Bumubusi-busilak  
Ganyan ang indak ng mga bombilya  
Kikindat-kindat, kukurap-kurap  
Pinaglalaruan ang iyong mga mata

Kumukuti-kutitap, bumubusi-busilak  
Ganyan ang kurap ng mga bituin  
Tumitibok-tibok, sumisinok-sinok  
Koronahan ng palarang bituin

Iba't ibang palamuti  
Ating isabit sa puno  
Buhusan ng mga kulay  
Tambakan ng mga regalo

Tumitibok-tibok, sumisinok-sinok  
'Wag lang malunod, sasabihin  
(Pupulu-pulupot) Paikot nang paikot  
Koronahan ng palarang bituin

Dagdagan mo pa ng kendi  
Ribbon eskoses at bonita  
Habang lalong dumadami  
Regalo mo'y dagdagan

## Pagsasanay

Alamin ang mga katang ito. Maaaring patugtugin sa YouTube ng isang beses bawat linggo sa isang buwan ang isang kanta.

# Aralin 5

## Mga Tula

SIMULA NOONG NASA ELEMENTARY PA LAMANG AKO, MAHILIG NA AKONG MAGBASA ng libro, at naging hangarin ko na ang maging manunulat. Grade 2 pa lang ay nagsusulat na ako ng diary, at Grade 4 ay sumusulat na ng mga maiikling kuwento. Pinapadala ko ang mga ito sa pinsan ko sa Maynila (yung matalik kong kaibigan), na siyang pinapabasa ko at pinapaayos.

Noong nasa high school ako, may paligsahan sa pagsulat ng tula sa aming eskwelahan. Pero... hindi sa wikang Ingles, kundi sa Filipino! Eh, hindi nga kami nagsasalita ng Filipino sa bahay di ba? Nahirapan nga ako sa Filipino subject namin, paano naman ako sasali sa paligsahan sa pagsulat ng tula sa Filipino?!

Pero... dahil mahilig talaga akong magsulat, naisip kong mag ensayong magsulat ng tulang Filipino. At alam mo ba, naaliw din ako! Maganda pala ang mga pwedeng gawing ritmo sa wikang Filipino. Doon ko nakitang maganda palang pakinggan ang ating sariling wika.

Kaya sa araling ito, gusto kong magbahagi ng ilang mga tulang Filipino sa inyo:



Isang sipi galing sa tulang isinulat ni Jose Corazon de Jesus (Huseng Sisiw) na inilathala sa Liwayay Magazine noong 1932:

### Isang Punungkahoy

Kung tatanawin mo sa malayong pook,  
ako'y tila isang nakadipang kurus;  
sa napakatagal na pagkakaluhod,  
parang ang paa ng Diyos.  
Organo sa loob ng isang simbahan  
ay nananalangin sa kapighatian,  
habang ang kandila ng sariling buhay  
magdamag na tanod sa aking libingan.

Sa aking paanan ay may isang batis,  
maghapo't magdamag na nagtutumangis;  
sa mga sanga ko ay nangakasabit  
ang pugad ng mga ibon ng pag-ibig.  
Sa kinislap-kislap ng batis na iyan,  
asa mo ri'y agos ng luhang nunukal;  
at saka ang buwang tila nagdarasal,  
ako'y binabati ng ngiting malamlam.

Ang sumusunod naman ay isang sipi sa tulang *Ang Dagat* ni Rafael Sabino:

Ako'y dagat, mutyang dagat. Ang pindong ko'y puting kumot,  
Araw-gabi ang pasiga'y payapa kong binabalot;  
Ang bisig ko'y sutlang duya't sa duyan ko natutulog  
Ang isda kong may sanlibo't isang laki, kulay, ayos;  
Ang yaman ko'y kapalarang ubusin ma'y di maubos  
At sa akin nalalagak ang hiyas ng sansinukob;

Sa masipag, ang lahat na'y pangarap kong maidulot  
At sa tamad, oh, sa tamad, ako'y likas na maramot!

Sa pusod ko'y may alaga akong iba't ibang perlas  
Na sa loob sa kabibi'y isinilid na maingat;  
Gayon pa man kung sisirit maisampa sa itaas,  
Sa himlayang puting kontsa'y isa-isang tinutungkab;  
Ang perlas ko, pagkatapos, sa tumbaga'y ilalapat  
At sa hikaw ng babae'y ginagawang mutyang hiyas.  
Ang sasakya'y yao't dito sa dibdib kong binusilak,  
Ibon waring nakalaya sa malaong paghihirap...

## Pagsasanay:

Sa loob ng kahon, gumuhit ng sumusunod na eksena.

Pangalawang Bahagi:  
**Mga Bahagi ng Pananalita**



## Aralin 6

# Ang Parirala at Pangungusap

NOONG IPINADALA SI MARY LENNOX SA MISSELTHWAITE MANOR UPANG manirahan sa bahay ng kanyang tiyuhin, sabi ng lahat, siya na ang may pinakamaasim na mukha na batang nakita nila. At totoo naman ito. May payat siyang mukha at payat ding pangangatawan, manipis na buhok, at nakasimangot na itsura. Dilaw ang buhok niya, at pati ang mukha niya'y dilaw din dahil ipinanganak siya sa India at lagi na lang siyang may sakit. Ang ama niya ay nagtatrabaho sa gobyerno at lagi ding abala o may sakit, at ang ina niya ay isang magandang babae na lagi na lang pumupunta sa mga salu-salo at nakikipaghalubilo. Ang ina ni Mary ay hindi gustong magkaanak, at noong ipinanganak si Mary ay agad siyang ipinasa sa pagbabantay ng isang yaya. Pinagsabihan ng ina ni Mary ang yaya na ang tanging paraan upang mapaligaya ang kanyang amo ay ang hindi niya makita ang bata. Kaya noong siya ay isang masakitin, mainitin, at pangit na sanggolay pinalalayo siya sa ina, at nang lumaki na siya na isang masakitin at mainitin na naglalakad na bata, pinalalayo pa rin siya. Wala siyang masyadong maalala kundi ang mga kayumangging mukha ng kanyang yaya at ng iba pang mga katulong, dahil lagi nila siyang sinusunod at binibigay ang lahat ng gusto niya. Ito ay dahil magagalit si Ma'am kapag

naistorbo siya sa pag-iyak ng bata. Kung kaya, nang umabot na siya ng 6 na taong gulang, siya na ang pinakamakasariling bata sa buong mundo.

*(Isinalin sa Filipino galing sa Secret Garden ni Frances Hodgson-Burnett)*

Ang una nating pag-aralan ay ang pinakaiba ng **parirala** sa **pangungusap**.

Ang **pangungusap** ay isang lipon ng mga salitang kumpleto ang diwa.

Ang **parirala** ay nabubuo din ng mga salita, pero hindi kumpleto ang diwa nito. Tingnan ang sumusunod na mga halimbawa:

<b>Pangungusap</b>	<b>Ang pinag-uusapan</b>	<b>Ang nangyayari sa pinag-uusapan</b>
Si Mary Lennox ang pinakamukhang-maasim na batang nakikita nila.	Si Mary Lennox	ang may pinakamaasim na mukha na batang nakita nila
May payat siyang mukha at payat ding pangagatawan	kung ano'ng meron sya (May)	payat siyang mukha at payat ding pangangatawan

<b>Parirala</b>	<b>Ang pinag-uusapan</b>	<b>Ang nangyayari sa pinag-uusapan</b>
Si Mary Lennox	Si Mary Lennox	(hindi nakasaad, kulang sa mensahe)
payat siyang mukha	payat siyang mukha	(hindi nakasaad, kulang sa mensahe)

Mabilis lang natin daanan ang araling ito para lamang sa pagpapakita na ang mga bahagi ng pananalita ay nakababagay na makita sa pangungusap.

## Pagsasanay

Sabihin kung ang mga sumusunod ay parirala o pangungusap. Isulat ang PR kung parirala at PN naman kung pangungusap.

1. Dilaw ang buhok niya, at pati ang mukha niya'y dilaw dahil ipinanganak siya sa India at lagi na lang siyang may sakit.
2. Ang ama niya ay nagtatrabaho sa gobyerno.
3. lagi ding abala o may sakit
4. isang magandang babae na lagi na lang pumupunta sa mga salu-salo
5. Noong siya ay isang masakitin, mainitin, at pangit na sanggol
6. Pinalalayo siya sa ina.
7. Wala siyang masyadong maalala kundi ang mga kayumangging mukha ng kanyang yaya at ng iba pang mga katulong.
8. dahil lagi nila siyang sinusunod at binibigay ang lahat ng gusto niya
9. dahil magagalit si Ma'am kapag naistorbo siya sa pag-iyak ng bata
10. Nang umabot na siya ng 6 na taong gulang, siya na ang pinakamakasariling bata sa buong mundo.



## Tingnan kung tama ang iyong mga sagot:

1. Dilaw ang buhok niya, at pati ang mukha niya'y dilaw dahil ipinanganak siya sa India at lagi na lang siyang may sakit. - PN
2. Ang ama niya ay nagtatrabaho sa gobyerno. - PN
3. lagi ding abala o may sakit - PR
4. isang magandang babae na lagi na lang pumupunta sa mga salu-salo - PR
5. Noong siya ay isang masakitin, mainitin, at pangit na sanggol - PR
6. Pinalalayo siya sa ina. - PN
7. Wala siyang masyadong maalala kundi ang mga kayumangging mukha ng kanyang yaya at ng iba pang mga katulong. - PN
8. dahil lagi nila siyang sinusunod at binibigay ang lahat ng gusto niya - PR
9. dahil magagalit si Ma'am kapag naistorbo siya sa pag-iyak ng bata - PR
10. Nang umabot na siya ng 6 na taong gulang, siya na ang pinakamakasariling bata sa buong mundo. - PN

# Aralin 7

## Pangngalan

ISANG MAINIT NA UMAGA, NOONG SI MARY AY MGA 9 NA TAONG GULANG NA, nagising siyang mainit ang ulo, at lalo pang uminit ang ulo niya nang makita niya na ang katulong sa tabi ng kama niya ay hindi ang kanyang nakasanayang yaya.

“Bakit ka ba naririto?” sabi niya sa babaeng hindi niya kilala. “Ayoko sa iyo. Papuntahin mo rito ang yaya ko.”

Mukhang natakot ang babae, pero nauutal niyang sinabi na hindi makapunta si Yaya, at nang nagalit si Mary at sinipa at pinalo siya, lalo pa itong natakot at inulit lang niya ang sinabing hindi maaaring pumunta si Yaya.

Parang may misteryo sa hangin sa umagang iyon. Walang nangyari na gaya ng dati, at parang marami sa mga katulong ang nawawala, at iyong mga nakikita ni Mary ay parang nagmamadali at namumutla at takot na takot ang mga mukha. Pero walang makapagsabi sa kanya kung bakit hindi dumating si Yaya. Wala siyang kasama sa buong umaga, at sa bandang huli ay lumabas na lang siya sa hardin at doon naglaro nang mag-isa sa ilalim ng isang puno. Naglaro siya na kunwari ay gumagawa ng taniman ng mga bulaklak. tinusok niya ang mga bulaklak ng gumamela sa lupa, habang umiinit nang umiinit ang ulo niya at

nagbubulong sa sarili ng kung anu-anong mga galit na salitang sasabihin niya kay Yaya kapag bumalik na ito.

“Baboy! Anak ng baboy!” sabi niya, dahil sa India, ang pinakamalaking insulto ay ang pagtawag sa tao na isang baboy.

(Isinalin mula sa Chapter 1 ng Secret Garden ni Frances Hodgson Burnett)

Ang unang alamin nating bahagi ng pananalita ay ang ***pangngalan***. Mabilis natin ito matandaan dahil ang ginagawa nito ay ang pagbigay ng pangalan sa mga tao, lugar, o anumang bagay.

Katulad ng sa babasahing ito, makikita natin na maraming bagay ang naibanggit, kagaya ng pangalan ng bida sa kuwentong ito na nabasa natin sa naunang aralin na si **Mary Lennox**. Naibanggit din doon kung saang lugar siya pinapunta, na tinatawag na **Misselthwaite Manor**. Sa babasahin ngayong araw, nakita rin natin ang pangalan ng lugar kung saan siya nakatira, **India**, at ang tawag niya sa katulong, si **Yaya**. Ang mga salitang ito ay halimbawa ng tinatawag na ***pangngalan***.

Tingnan ang sumusunod na halimbawa:

Isang mainit na **umaga**, noong si **Mary** ay mga 9 na taong gulang na, nagising siyang mainit ang **ulo**, at lalo pang uminit ang **ulo** niya nang makita niya na ang **katulong** sa tabi ng **kama** niya ay hindi ang kanyang nakasanayang **yaya**.

## Pagsasanay

Hanapin ang mga pangngalan sa sumusunod na mga pangugusap. Bilugan ang mga ito.

1. “Bakit ka ba naririto?” sabi niya sa babaeng hindi niya kilala. “Ayoko sa iyo. Papuntahin mo rito ang yaya ko.”
2. Mukhang natakot ang babae, pero nauutal niyang sinabi na hindi makapunta si Yaya, at nang nagalit si Mary at sinipa at pinalo siya, lalo pa itong natakot at inulit lang niya ang sinabing hindi maaaring pumunta si Yaya.
3. Parang may misteryo sa hangin sa umagang iyon. Walang nangyari na gaya ng dati, at parang marami sa mga katulong ang nawawala, at iyong mga nakikita ni Mary ay parang nagmamadali at namumutla at takot na takot ang mga mukha.
4. Pero walang makapagsabi sa kanya kung bakit hindi dumating si Yaya. Wala siyang kasama buong umaga, at sa bandang huli ay lumabas na lang siya sa hardin at doon naglaro nang mag-isa sa ilalim ng isang puno.
5. Naglaro siya na kunwari ay gumagawa ng pagtaniman ng mga bulaklak, at tinusok niya ang mga bulaklak ng gumamela sa lupa, habang umiinit nang umiinit ang ulo niya at nagbubulong sa sarili kung anu-anong mga galit na salitang sasabihin niya kay Yaya kapag bumalik na ito.
6. “Baboy! Anak ng baboy!” sabi niya, dahil sa India, ang pinakamalaking insulto ay ang pagtawag sa tao na isang baboy.

## Tingnan kung tama ang iyong mga sagot:

1. “Bakit ka ba naririto?” sabi niya sa babaeng hindi niya kilala. “Ayoko sa iyo. Papuntahin mo rito ang yaya ko.”
2. Mukhang natakot ang babae, pero nauutal niyang sinabi na hindi makapunta si Yaya, at nang nagalit si Mary at sinipa at pinalo siya, lalo pa itong natakot at inulit lang niya ang sinabing hindi maaaring pumunta si Yaya.
3. Parang may misteryo sa hangin sa umagang iyon. Walang nangyari na gaya ng dati, at parang marami sa mga katulong ang nawawala, at iyong mga nakikita ni Mary ay parang nagmamadali at namumutla at takot na takot ang mga mukha.
4. Pero walang makapagsabi sa kanya kung bakit hindi dumating si Yaya. Wala siyang kasama buong umaga, at sa bandang huli ay lumabas na lang siya sa hardin at doon naglaro nang mag-isa sa ilalim ng isang puno.
5. Naglaro siya na kunwari ay gumagawa ng pagtaniman ng mga bulaklak, at tinusok niya ang mga bulaklak ng gumamela sa lupa, habang umiinit nang umiinit ang ulo niya at nagbubulong sa sarili kung anu-anong mga galit na salitang sasabihin niya kay Yaya kapag bumalik na ito.
6. “Baboy! Anak ng baboy!” sabi niya, dahil sa India, ang pinakamalaking insulto ay ang pagtawag sa tao na isang baboy.

## Aralin 8

### **Pagsasanay: Hanapin ang Pangngalan**

#### Pagsasanay 1.

Maghanap ng isang talata sa mga kuwentong binabasa sa Filipino. Kopyahin ito sa iyong kwaderno at bilugan ang mga pangngalan.

#### Pagsasanay 2.

Magsulat ng 10 halimbawa ng pangngalan.

*Salamat sa pag-download ng libreng sample na ito.  
Aralin nating mabuti ang balarila ng wikang Filipino.  
Bilhin ang buong libro na naka-PDF form sa:*

*CharlotteMasonPhilippines.Com*

